FOURTH PERIODICAL EXAMINATION
GMRC- 4

**NAME:**_______________________________________________ **SCORE** _____________

**Basahin ng mabuti ang tanong at bilugan ang titik ng iyong sagot.**

1. Ano ang tawag sa lugar na mayroong mahalagang nangyari sa ating kasaysayan?
   a. Parke b. Palengke c. Makasaysayang Lugar d. Bahay
2. Alin sa mga sumusunod ang isang makasaysayang lugar?
   a. Mall b. Rizal Park c. Paaralan d. Ospital
3. Saan matatagpuan ang Rizal Park?
   a. Cebu b. Davao c. Manila d. Iloilo
4. Ano ang kahalagahan ng mga makasaysayang lugar?
   a. Pampaganda ng tanawin b. Upang mapanatili ang kasaysayan ng ating bayan
   c. Para may mapasyalan ang mga turista d. Upang may maipagmalaki sa ibang bansa
5. Ano ang dapat gawin upang mapanatili ang kagandahan ng mga makasaysayang lugar?
   a. Pabayaan ito b. Gawing tambakan ng basura
   c. Alagaan at panatilihing malinis d. Gumuhit ng graffiti sa pader nito
6. Ano ang tawag sa mga patakaran na sinusunod ng isang pamilya?
   a. Alituntunin b. Kwento c. Laro d. Awit
7. Bakit mahalaga ang pagsunod sa alituntunin ng pamilya?
   a. Para magulo ang bahay b. Para maging ligtas at maayos ang pamilya
   c. Para maraming utos d. Para walang gagawin
8. Alin sa mga sumusunod ang isang alituntunin ng pamilya?
   a. Paglalaro sa computer buong araw b. Pagtulong sa mga gawaing bahay
   c. Hindi pag-uwi sa oras d. Paggamit ng cellphone sa hapag-kainan
9. Ano ang dapat gawin kung hindi sumasang-ayon sa alituntunin ng pamilya?
   a. Magalit b. Umiyak
   c. Makipag-usap nang mahinahon d. Magsumbong sa ibang tao
10. Sino ang dapat sumunod sa mga alituntunin ng pamilya?
    a. Mga bata lang b. Mga magulang lang
    c. Lahat ng miyembro ng pamilya d. Mga bisita lang
11. Alin ang isang mabuting katangian ng isang lider-estudyante?
    a. Makasarili b. Matulungin c. Tamad d. Sinungaling
12. Bakit mahalaga ang pagkakaroon ng mabuting lider-estudyante?
    a. Para magkaroon ng magandang kinabukasan ang pamayanan
    b. Para maraming problema
    c. Para walang sumunod
    d. Para maraming away
13. Ano ang isang katangian na hindi dapat taglayin ng isang lider-estudyante?
    a. Masipag b. Responsible c. Mayabang d. Tapat
14. Paano nakakatulong ang isang lider-estudyante sa pamayanan?
    a. Sa pamamagitan ng paggawa ng gulo
    b. Sa pamamagitan ng pagtulong sa mga proyekto
    c. Sa pamamagitan ng pagiging iresponsable
    d. Sa pamamagitan ng pagiging makasarili
15. Sino ang maaaring maging lider-estudyante?
    a. Mga matatalino lang b. Mga mayayaman lang
    c. Sinuman na may mabuting katangian d. Mga sikat lang
16. Bakit may mga alituntunin sa pamayanan?
    a. Para magulo ang pamayanan b. Para maging ligtas, maayos, at payapa ang pamayanan
    c. Para maraming problema d. Para walang sumunod
17. Alin sa mga sumusunod ang isang alituntunin sa pamayanan?
    a. Pagtawid sa kalsada kung saan-saan b. Hindi pagsunod sa trapiko
    c. Paggawa ng ingay sa gabi d. Pagtapon ng basura sa tamang lugar
18. Ano ang mangyayari kung hindi susunod sa mga alituntunin sa pamayanan?
    a. Magiging masaya ang lahat b. Magkakaroon ng gulo at problema
    c. Walang mangyayari d. Magiging maayos ang lahat
19. Sino ang dapat sumunod sa mga alituntunin sa pamayanan?
    a. Mga bata lang b. Mga matatanda lang
    c. Lahat ng tao sa pamayanan d. Mga hayop lang
20. Saan dapat matutunan ang mga alituntunin sa pamayanan?
    a. Sa mga kaibigan lang b. Sa mga kapitbahay lang
    c. Sa mga libro lang d. Sa pamilya, paaralan, at pamayanan
21. Ano ang ibig sabihin ng PWD?
    a. Person with Disability b. Person without Disability
    c. People with Difficulties d. Person with Disadvantage

22. Kaya ba ng mga PWD na magtrabaho?
a. Hindi b. Siguro c. Oo, katulad ng ibang tao d. Baka po
23. Dapat ba tayong magbigay ng respeto sa mga PWD?
a. Hindi b. Baka c. Siguro d. Oo, dapat natin silang igalang
24. Ano ang isang paraan para ipakita ang pagpapahalaga sa mga PWD?
a. Pagtawanan sila b. Hindi sila pansinin
c. Tulungan sila kung kailangan nila ng tulong d. Itago sila sa bahay
25. May mga PWD ba na naging successful sa kanilang buhay?
a. Wala b. Baka c. Siguro d. Oo, marami
26. Bakit mahalaga ang pangangalaga sa mga hayop?
a. Dahil sila ay nakakainis b. Dahil sila ay bahagi ng ating kapaligiran
c. Dahil sila ay walang kwenta d. Dahil sila ay nakakatakot
27. Ano ang isang paraan ng pangangalaga sa mga hayop?
a. Saktan sila b. Pabayaan sila
c. Pakainin sila at bigyan ng tirahan d. Ikulong sila sa masikip na lugar
28. Sino ang dapat mangalaga sa mga hayop?
a. Mga bata lang b. Mga matatanda lang
c. Lahat ng tao d. Mga hayop lang
29. Bakit dapat tayong maging mabait sa mga hayop?
a. Dahil sila ay masama b. Dahil sila ay may buhay
c. Dahil sila ay walang nararamdaman d. Dahil sila ay hindi mahalaga
30. Ano ang mangyayari kung hindi natin pangangalagaan ang mga hayop?
a. Magiging masaya ang lahat b. Walang mangyayari
c. Mawawala sila sa mundo d. Dadami sila
31. Ano ang ibig sabihin ng katapatan?
a. Pagsisinungaling b. Pagsasabi ng totoo
c. Pagkukunwari d. Pandaraya
32. Bakit mahalaga ang pagiging tapat?
a. Para walang magtiwala sa iyo b. Para walang mangyari sa buhay mo
c. Para maraming away d. Para magkaroon ng mabubuting kaibigan
33. Ano ang isang gawain na nagpapakita ng katapatan?
a. Pagkuha ng bagay na hindi iyo b. Pangongopya sa
c. sagot Pagsasabi ng totoo kahit mahirap d. Pagbibigay ng maling impormasyon
34. Nakita mo ang wallet ng iyong kaklase sa sahig. Ano ang dapat mong gawin?
a. Itago ito b. Ibigay ito sa iyong guro
c. Kunin ang pera at itapon ang wallet d. Ipamigay ito sa mga kaibigan
35. Nangako ka sa iyong kaibigan na tutulong ka sa kanyang proyekto. Ano ang dapat mong gawin?
a. Tuparin ang pangako b. Kalimutan ang pangako
c. Magdahilan na busy ka d. Sabihin na hindi mo na gusto tumulong
36. Bakit mahalaga na alalahanin ang mga makasaysayang lugar?
a. Para maalala natin ang ating kasaysayan at ang mga bayani
b. Para magkaroon ng maraming turista
c. Para magkaroon ng magagandang litrato
d. Para magkaroon ng mga bagong gusali
37. Paano natin mapapangalagaan ang mga makasaysayang lugar?
a. Sa pamamagitan ng pagsira nito
b. Sa pamamagitan ng paglilinis at pag-iingat nito
c. Sa pamamagitan ng pagtatapon ng basura dito
d. Sa pamamagitan ng pagsulat sa mga pader nito
38. Bakit kailangan sundin ang alituntunin ng pamilya?
a. Para magkaroon ng maraming away b. Para walang gawin
c. Para maging maayos ang samahan ng pamilya d. Para magulo ang bahay
39. Paano mo maipapakita ang paggalang sa alituntunin ng iyong pamilya?
a. Sa pamamagitan ng hindi pagsunod dito b. Sa pamamagitan ng pagsuway
c. Sa pamamagitan ng pagrereklamo
d. Sa pamamagitan ng pagsunod dito at pakikipag-usap nang maayos kung may hindi ka naiintindihan
40. Bakit mahalaga ang mga mabubuting katangian ng isang lider-estudyante?
a. Para magkaroon ng maraming problema
b. Para makatulong sa pagpapaunlad ng pamayanan
c. Para walang sumunod sa kanya
d. Para magkaroon ng gulo sa paaralan

**ANSWER KEY:**

1. c. Makasaysayang Lugar
2. b. Manila Park
3. c. Manila
4. b. Upang mapanatili ang kasaysayan ng ating bayan
5. c. Alagaan at panatilihing malinis
6. a. Alituntunin
7. b. Para maging ligtas at maayos ang pamilya
8. b. Pagtulong sa mga gawaing bahay
9. c. Makipag-usap nang mahinahon
10. c. Lahat ng miyembro ng pamilya
11. b. Matulungin
12. a. Para magkaroon ng magandang kinabukasan ang pamayanan
13. c. Mayabang
14. b. Sa pamamagitan ng pagtulong sa mga proyekto
15. c. Sinuman na may mabuting katangian
16. b. Para maging ligtas, maayos, at payapa ang pamayanan
17. d. Pagtapon ng basura sa tamang lugar
18. b. Magkakaroon ng gulo at problema
19. c. Lahat ng tao sa pamayanan
20. d. Sa pamilya, paaralan, at pamayanan
21. a. Person with Disability
22. c. Oo, katulad ng ibang tao
23. d. Oo, dapat natin silang igalang
24. c. Tulungan sila kung kailangan nila ng tulong
25. d. Oo, marami
26. b. Dahil sila ay bahagi ng ating kapaligiran
27. c. Pakainin sila at bigyan ng tirahan
28. c. Lahat ng tao
29. b. Dahil sila ay may buhay
30. c. Mawawala sila sa mundo
31. b. Pagsasabi ng totoo
32. d. Para magkaroon ng mabubuting kaibigan
33. c. Pagsasabi ng totoo kahit mahirap
34. b. Ibigay ito sa iyong guro
35. a. Tuparin ang pangako
36. a. Para maalala natin ang ating kasaysayan at ang mga bayani
37. b. Sa pamamagitan ng paglilinis at pag-iingat nito
38. c. Para maging maayos ang samahan ng pamilya
39. d. Sa pamamagitan ng pagsunod dito at pakikipag-usap nang maayos kung may hindi ka naiintindihan
40. b. Para makatulong sa pagpapaunlad ng pamayanan

FOURTH PERIODICAL EXAMINATION
GMRC- 4
**TABLE OF SPECIFICATION**

| COMPETENCIES/OBJECTIVES | No. of Days Spent | Weight | **No. of Items** | **COGNITIVE PROCESS DIMENSION** | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | **R** | **U** | **AP** | **AN** | **E** | **C** |
| | | | | **EASY** | | **AVERAGE** | | **DIFFICULT** | |
| | | | | **ITEM PLACEMENT** | | | | | |
| a. Naiisa-isa ang mga makasaysayang lugar sa pamayanang kinabibilangan. b. Naipaliliwanag na ang mga makasaysayang lugar sa pamayanang kinabibilangan ay mahalagang kilalanin, pangalagaan, at pagyamanin upang ipaalala ang mga kabayanihan ng mga Pilipino o ang kahalagahan ng kasaysayan ng lugar. Pagpapahalaga sa mga kasaysayan ng lugar na nagpapaunlad at nagpapalaganap ng kamalayan at pagmamalaki ng sariling nasyonalismo. c. Nakalilikha ng mga paraan upang maipagmalaki at tangkilikin ang mga makasaysayang lugar sa pamayanang kinabibilangan. a. Naiisa-isa ang mga alituntuning sinusunod ng pamilyang kinabibilangan sa pamayanan. b. Naipaliliwanag na ang pagtupad ng pamilya sa mga alituntunin ng pamayanan ay mahalagang gampanin para sa ligtas, maayos, at mapayapang lipunan. c. Nailalapat ang mga alituntuning sinusunod ng pamilyang kinabibilangan sa pang araw-araw na pamumuhay. | | **37.5%** | **15** | 1,2,3<br>4,5<br>6,8<br>10 | 7 | 9<br>37 | 36<br>38<br>39 | 40 | |
| a. Naiisa-isa ang mga mabuting katangian ng lider-estudyante na makatutulong sa pamayanan. b. Naipaliliwanag na ang mga mabuting katangian ng lider-estudyante na makatutulong sa bayan ay nakapagkikintal ng wastong pananaw tungkol sa mapanagutang pamumuno at pagpili ng karapat dapat na lider. c. Naisasakilos ang wastong pamimili ng lider sa paaralan batay sa mga katangian ng mabuting pamumuno. a. Naiisa-isa ang mga alituntuning sinusunod ng pamilyang kinabibilangan sa pamayanan. | | **25%** | **10** | 11,1<br>3<br>15<br>17,1<br>9<br>20 | 12<br>16,1<br>8 | 14 | | | |

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| ( Alituntunin o Patakaran at Bakit ito Mahalaga)<br>b. Naipaliliwanag na ang pagtupad ng pamilya sa mga alituntunin ng pamayanan ay mahalagang gampanin para sa ligtas, maayos, at mapayapang lipunan.<br>(Mga Alituntunin sa Pamayanan na Dapat Tuparin ng Pamilya)<br>c. Nailalapat ang mga alituntuning sinusunod ng pamilyang kinabibilangan sa pang araw-araw na pamumuhay.<br>(Palagiang Pagsunod sa mga Alituntunin sa Pamayanan) | | | | | | | | | |
| a. Nailalarawan ang mga katangi-tanging nagawa at pagpapahalaga ng mga taong may kapansanan o Persons with Disability (PWD) sa pamayanang kinabibilangan.<br>b. Naipaliliwanag na ang sariling pagkilala sa mga natatanging taong may kapansanan o Persons with Disability (PWD) sa pamayanan ay pagpapahalaga sa kanilang mga kontribusyon na nagpapabuti sa kalagayan ng lipunan o bayan.<br>c. Nakapaglalapat ng mga paraan upang bigyang pagkilala ang mga natatanging taong may kapansanan o Persons with Disability (PWD) dahil sa kanilang kontribusyon.<br>a. Nailalarawan ang mga paraan ng pangangalaga sa mga hayop bilang bahagi ng kapaligiran.<br>b. Naipaliliwanag na ang pangangalaga sa hayop bilang bahagi ng kapaligiran ay tungkulin ng tao bilang isang mabuting katiwala upang mapanatili ang buhay at kalusugan.<br>c. Naisasakilos ang mga paraan ng pangangalaga sa mga hayop bilang bahagi ng kapaligiran. | | **25%** | **10** | 21<br>27,28 | 22,23<br>25<br>26,29<br>30 | 24 | | | |
| 1. Naisasabuhay ang pagiging matapat sa pamamagitan ng pagbabalik ng mga bagay na hindi kaniya, pagiging totoo sa salita, at gawa.<br>a.Ang Birtud ng Katapatan Bilang Tanda ng Pananampalataya<br>2. Natutukoy ang mga gawain ng katapatan na umiiral sa pamayanan.<br>b.Pagpapatibay ng Katapatan sa Salita at Gawa<br>3. Naipaliliwanag na ang mga gawain ng katapatan sa pamayanan bilang indikasyon ng pananampalataya ay patunay ng pagsasabuhay ng mga aral ng kinabibilangang relihiyon o | | **12.5%** | **5** | 31 | 32 | 33,34<br>35 | | | |

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| paniniwala.<br>c. Katapatan sa Pamayanan at mga Tanda Nito<br>d. Pagsasabuhay ng Katapatan sa Pamayanan | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | |
| **TOTAL** | | **100%** | **40** | | | | | | |